

# Isang proteksyon para sa mga hindi inaasahang pangyayari.

Ang insurance sa aksidenteng pagkamatay at pagkaputol ng bahagi ng katawan mula sa New York Life Group Benefit Solutions.



Ang mga aksidente ay isang nakakatakot na kaganapan sa buhay. Maaari itong mangyari anumang oras, kahit saan, na mag-iiwan sa iyo ng matinding pinsala o mas malala pa. Magiging handa ba ang iyong pamilya para sa mga pinansyal na kahihinatnan?

## Ano ito?

Ang aksidenteng kamatayan at pagkaputol ng bahagi ng katawan (accidental death and dismemberment, AD&D) ay isang uri ng insurance na nagbabayad sa iyo, (o isang benepisyaryo na pinili mo) kung may malalang pinsala o may namatay. Narito ang ilang halimbawa ng mga uri ng saklaw na aksidente:

- › Isang nakamamatay na aksidente, tulad ng pagbangga ng sasakyan, pagkalunod o pagkahulog
- › Isang malubhang saklaw na pinsala na nagreresulta sa pagkawala ng braso/binti
- › Pagkawala ng buong paningin dahil sa saklaw na aksidente

## Bakit kailangan ko ito?

**Karagadagan sa kasalukuyang coverage:** Nakikipagtulungan ang insurance ng AD&D sa iyong insurance sa buhay, na nagbibigay ng karagadagang proteksyon.

**Pinoprotektahan ka at ang iyong pamilya:** Tumutulong na matiyak na ikaw at ang iyong mga mahal sa buhay ay may pinansiyal na seguridad kung may hindi inaasahang pangyayari.



Halos 2/3 ng mga Amerikano ay nabubuhay sa paycheck-to-paycheck.<sup>1</sup>



Ang mga aksidente ang ika-4 na nangungunang sanhi ng pagkamatay sa U.S.<sup>2</sup>

## Paano ko ito gagamitin?

1. Magpatala sa coverage sa pamamagitan ng iyong employer. Hindi na kailangang sagutin ang mga medikal na tanong at magbabayad ka sa pamamagitan ng madaling paraan ng pagbabawas sa suweldo.
2. Kung nangyari ang isang saklaw na aksidente o aksidenteng pagkamatay at sa sandaling naihain na ang claim, ikaw – o isang benepisyaryo na iyong itinalaga – ay makakatanggap ng nakatakdang halaga ng pera para magamit sa anumang paraan na gusto mo. Narito ang ilang halimbawa:



**Mga gastos sa paglilibing**



**Pagpapayo sa rehabilitasyon o trauma**



**Pangangalaga sa bata at edukasyon**



Makipag-usap sa iyong employer para matuto nang higit pa tungkol sa kung paano makakatulong ang insurance ng AD&D sa iyo at sa iyong mga mahal sa buhay na maging mas handa sa anumang pangyayari sa buhay.

<sup>1</sup> Lending Club, "Bagong Reality Check: Ang Ulat ng Paycheck-to-Paycheck." Enero 2023.

<sup>2</sup> Centers of Disease Control, "Fastats – Nangungunang Sanhi ng Pagkamatay." Disyembre 2022.

Ibinibigay ang mga produkto at serbisyo ng New York Life Group Benefit Solutions ng Life Insurance Company ng North America, New York Life Group Insurance Company ng NY at New York Life Insurance and Annuity Corporation, mga subsidiary ng New York Life Insurance Company. Hindi pinapahintulutan sa NY at hindi nagsasagawa ng negosyo sa NY ang Life Insurance Company ng North America. Mga form ng patakaran: GA-00-1000.00 at iba pa.

### **New York Life Insurance Company**

51 Madison Avenue, New York, NY 10010

© 2024, New York Life Insurance Company. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ang NEW YORK LIFE, at ang Box Logo ng NEW YORK LIFE ay mga trademark ng New York Life Insurance Company.